Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon 10
SANGAY NG MISAMIS ORIENTAL
Lungsod ng Cagayan de Oro
www.depedmisor.net
(08822)724615,(088)8564454/Fax(088)8564524

DepED

Memorandum blg. 315

PARA SA: MGA TAGAMASID PANSANGAY
MGA TAGAMASID PANDISTRITO/PAMPOOK
MGA PUNONGGURO
MGA ULONGGURO
MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG GURO
Mga nasa Tanggapan sa ilalim ng Kagawan ng Edukasyon

**BUHAT KAY: CHERRY MAE L. LIMBACO, Ph.D., CESO V**
**Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan**

**PAKSA: PARADA SA PINAKAMAGARANG FILIPINIANANG KASUUTAN, 2016**

PETSA: Ika - 28 ng Hulyo, 2016

Alinsunod sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing ika-1 hanggang 31 ng Agosto, 2016 na may temang; **"FILIPINO: WIKA NG KARUNUNGAN".** Inaatasan at inaanyayahan ang lahat na magsuot sa kani-kanilang Pinakamagarang Filipinianang Kasuutan sa huling Lunes sa buwan ng Agosto, 2016. Iminumungkahing isusuot ito simula sa Pagwawagayway ng bandila sa bansa, ng bawat paaralan at tanggapan, hanggang sa matapos ang araw ng trabaho bilang pagbibigay-pugay at pagpipinid sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Iminumungkahi rin sa mga paaralan na sa bawat lunes ng buwan ng Agosto, 2016 ay magpaparinig ng mga Awiting Makabayan bago simulan ang nakagawiang pagpapawagayway sa bandila ng ating bansa. Ito ay paraan upang gunitain, ipagbunyi at mapahalagahan ng lahat lalo na sa mga mag-aaral ang pagtatamasa ng ating sariling pagkakakilanlan.

Hinihikayat ang lahat na anumang mga gawain at mga paligsahan na may kaugnayan sa pagdiriwang ng buwan ng wika, 2016 ay gaganapin sa *antas pampaaralan* lamang.

Inaasahang maipaaabot nang daglian at malawakan ang Memorandum na ito sa lahat ng mga kinauukulan.

CLL/ssa